



Utos Blg. c19-5e – Appendix C-2: Mga Pinapayagang Karagdagang Aktibidad

Magkakaroon ng Bisa sa Hunyo 1, 2020

Mga Pangkalahatang Ipinag-aatas

Maaaring ipagpatuloy ang “Mga Karagdagang Aktibidad” na nakalista sa ibaba, at nasasaklawan ang mga ito ng mga ipinag-aatas na itinakda sa Utos at ng anumang karagdagang ipinag-aatas na nakatakda sa ibaba o sa hiwalay na gabay ng Opisyal ng Kalusugan. Pinili ang mga aktibidad na ito para magpatupad ng inisyal na sinukat na pagpapalawak ng aktibidad batay sa mga pagsasaalang-alang na nauugnay sa kalusugan kasama ang mga panganib ng transmisyong COVID-19 na nauugnay sa mga uri at paraan ng aktibidad, ang kakayahang malawakang pigilan ang mga transmisyong panganib na nauugnay sa mga operasyon, at mga nauugnay na salik, tulad ng sumusunod:

- **Pagpapataas ng mobility at dami ng aktibidad**—ang idudulot ng pangkalahatang epektong pagpapatuloy ng aktibidad sa dami ng taong lalabas sa kanilang mga bahay at makikipag-ugnayan sa ibang tao sa komunidad;
- **Intensidad ng contact**—ang uri (malapit o malayo) at tagal (mabilis o matagal) ng contact na nauugnay sa aktibidad;
- **Dami ng mga contact**—ang pagtatantyang dami ng taong lalabas nang magkakasabay;
- **Potensyal sa pagbabago**—ang tindi kung saan maaaring bawasan ng mga hakbang sa mitigasyon ang panganib ng transmisyong.

Listahan ng Mga Karagdagang Aktibidad

Hindi isinasaalang-alang ang Seksyon 15.a hinggil sa mga outdoor na lugar ng libangan at pinagbabahagiang pasilidad na panglibangan, para sa mga layunin ng Utos na ito, kasama sa Mga Karagdagang Aktibidad ang mga sumusunod:

(1) Mga indoor at outdoor na pool, outdoor na lugar na panlibangan, at outdoor na ibinabahaging pasilidad na panlibangan.

- a. Batayan para sa Pagdaragdag. Mga indoor at outdoor na pool, outdoor na lugar ng libangan, at outdoor na pinagbabahagiang pasilidad na panlibangan na aktibong pinapamahalaan at sinusubaybayan sa paraang nagtitiyak na naipapatupad ang social distancing, pagtatakip ng mukha, at lahat ng iba pang kinakailangan (kasama ang mga pagbabawal sa pagtitipon at pinaghihiramang kagamitan), pati na rin ang pagpapatupad ng mga utos ng Opisyal ng Kalusugan, at ganap na nababawasan ang posibilidad ng transmisyong.
- b. Paglalarawan at Mga Kondisyon. Mga indoor at outdoor na pool, outdoor na lugar ng libangan, at





outdoor na pinagbabahagiang pasilidad na panlibangan, ngunit kapag ang mga ito lang ay aktibong sinusubaybayan at pinamamahalaan para matiyak na ang pasilidad ay (1) ginagamit lang ng mga miyembro ng iisang sambahayan o (2) ginagamit sa paraang nagtitiyak na naipapatupad ang lahat ng social distancing, pagtatakip ng mukha, at lahat ng iba pang kinakailangan (kasama ang mga pagbabawal sa pagtitipon at pinaghihiramang kagamitan), pati na rin ang pagpapatupad ng mga utos ng Opisyal ng Kalusugan. Ang anumang ipapatupad na hakbang ay dapat ipakita sa mga kinakailangang nakapaskil na nakasulat na protocol.

(2) Mga parada habang nasa sasakyan

- a. Batayan para sa Pagdaragdag. Zero o mababa ang contact sa mga parada habang nasa sasakyan dahil dapat manatili ang mga tao mula sa iisang sambahayan sa kani-kanilang sasakyan sa kabuuan ng event. Ang mga parada habang nakasakay sa sasakyan ay mayroon ding maliit na panganib kung magreresulta ito sa ipinagbabawal na pagkakatipon ng mga tao sa labas ng mga sasakyan dahil mobile ang mga parada at hindi pinapayagan ang pagsasama-sama sa isang nakatakdang lokasyon. Tinataya ring magreresulta ang aktibidad sa bahagyang pagtaas ng mobility, at wala hanggang kaunting pisikal na pakikipag-ugnayan sa ibang tao sa komunidad. Nagbibigay ang aktibidad na ito ng opsyong may maliit na panganib sa mga taong gustong magdiwang ng mga espesyal na okasyon sa labas ng kanilang mga tahanan.
- b. Paglalarawan at Mga Kondisyon. Pinapayagan ang mga parada habang nakasakay ng sasakyan, depende sa lahat ng sumusunod na kondisyon at limitasyon:
 - i. Dapat sumunod ang mga parada sa lahat ng batas at naaangkop na kinakailangan sa pagpapahintulot.
 - ii. Ang mga miyembro lang ng iisang sambahayan ang maaaring sumakay sa iisang sasakyan.
 - iii. Hindi maaaring lumabas ang mga tao sa kani-kanilang sasakyan anumang oras sa panahon ng parada.
 - iv. Hindi puwedeng bumiyahang ang mga tao para manood ng parada ng mga sasakyan. Maaari lang tingnan ang mga parada habang nakasakay ng sasakyan mula sa bahay o bakuran ng isang indibidwal.
 - v. Hindi puwedeng magsama-sama ang mga kalahok na sasakyan sa isang nakatakdang lokasyon maliban kung sa loob lang ng maikling panahon para mag-organisa.
 - vi. Hindi maaaring sumali ang mga bisikleta o motorsiklo.

(3) Pagtitipon para sa Pagpoprotesta

- a. Batayan para sa Pagdaragdag. Mga personal na pagtitipon para magprotesta na aktibong pinapamahalaan at sinusubaybayan sa paraang tumitiyak na nasusunod ang pagdistansya sa isa't isa, pagsusuot ng takip sa mukha, at lahat ng iba pang kinakailangan, kasama ang mga utos ng Opisyal ng Kalusugan, lubos na mababawasan ang posibilidad ng transmisyong. Bukod pa rito, napagpasyahan ng Estado ng California na naaangkop lang na payagan ang mga aktibidad na ito na magpatuloy.
- b. Paglalarawan at Mga Kondisyon. Papayagan ang mga personal na pagtitipon para magprotesta basta't hindi lalampas ang dadalo sa mga ito sa 100 attendee o sa 25% ng kapasidad ng espasyo kung saan idaraos ang pagtitipon, alinman doon ang mas kaunti. Bukod pa rito, dapat magpanatili ang mga kalahok ng anim na talampakang distansya mula sa isa't isa at dapat silang magsuot ng takip sa



SAN MATEO COUNTY HEALTH

PUBLIC HEALTH, POLICY & PLANNING

mukha gaya ng iniaatas ng Utos na Magsuot ng Takip sa Mukha, at sumunod sa iba pang kinakailangang itinakda ng Estado ng California. Gayunpaman, dapat maunawaan ng mga kalahok na kahit masunod ang pagdistansya sa isa't isa, mas malaki ang posibilidad ng malawakang transmisyong COVID-19 kung magsasama-sama ang mga miyembro ng iba't ibang sambahayan para magsagawa ng personal na protesta. Maaaring magresulta ang mga nasabing pagtitipon sa pagtaas ng bilang ng impeksyon, pagpapaospital, at pagkamatay, lalo na sa mga populasyong nasa mas malaking panganib. Sa partikular, salungat ang mga aktibidad gaya ng pag-chant, pagsigaw, pagkanta, at sabayang pagbigkas sa pagpapaliit ng panganib na nakakamit sa pamamagitan ng anim na talampakang pisikal na pagdistansya.

- c. Kung hindi makakapagpanatili ng sapat na pisikal na pagdistansya, maaari itong magresulta sa utos na maglayo-layo o iba pang pagkilos sa pagpapatupad.
- d. Dapat magpanatili ang mga kalahok ng pisikal na distansya na anim na talampakan mula sa sinumang nakaunipormeng peace officer at iba pang tauhan sa pampublikong kalusugan na naroon, maliban na lang kung iba ang iaatas, at dapat silang sumunod sa lahat ng iba pang kinakailangan at direktibang iaatas ng Lokal na Opisyal ng Kalusugan at tagapagpatupad ng batas, o iba pang naaangkop na awtoridad.
- e. Susuriin ng Estado ng California ang limitasyong ito sa mga maaaring pumunta nang hindi bababa sa isang beses bawat 21 araw, simula sa Mayo 25, 2020. Isinaad ng Estado ng California na tatasahin nito ang mga epekto ng mga nasabing ipinapatupad na limitasyon sa pampublikong kalusugan at na magbibigay ito ng higit pang tagubilin bilang bahagi ng paunti-unting pag-restore ng mga pagtitipon na nauugnay sa First Amendment. Kung may anumang babaguhin ang Estado ng California, pag-iisipan din ng Opisyal ng Kalusugan kung gagawa ito ng mga pagbabago.